FAQ: Katapusan ng CalFresh Temporary Exemptions sa mga Mag-aaral

Binago: 2/23/2023

1. **Ano ang temporary student exemptions para sa CalFresh?**
   Pinayagan ang temporary exemptions sa mga mag-aaral bilang tugon sa COVID-19. Pinalawak ang sakop ng CalFresh sa dalawang uri ng mga mag-aaral sa kolehiyo:
   - Mga mag-aaral na kwalipikado sa work study; at
   - Mga mag-aaral na walang inaasahang tulong na pinansyal mula sa pamilya (Expected Family Contribution = 0 dollars).

2. **Bakit magtatapos ang temporary exemptions sa mga mag-aaral?**
   Patapos na ang pansamantalang exemption sa mga mag-aaral dahil matatapos na ang Federal COVID-19 Public Health Emergency sa Mayo 11, 2023. Pinayagan lang ang California na magbigay ng pansamantalang exemptions sa mga mag-aaral habang aktibo ang Federal Public Health Emergency.

3. **Sino ang apektado sa pagtatapos ng temporary exemptions sa mga mag-aaral?**
   Ang mga mag-aaral na nakakuha ng CalFresh batay sa isa sa mga temporary student exemptions ay hindi na maaring kumuha ng CalFresh sa susunod na recertification simula July 1, 2023, kung hindi nila makuha ang isa sa mga permanent student exemptions.

4. **Ano ang mga permanent student exemptions? Ito ay ang mga sumusunod:**
   - Aprubado sa work study o may paparating na trabaho
   - Hindi half-time o higit pa dahil kumukuha ng non-credit courses
   - Cal Grant A o B na pinondohan ng TANF
   - Nagtatrabaho ng 20 oras/linggo o total ng 80 oras/buwan
   - May kapansanan o walang pisikal o mental na kakayahang magtrabaho
   - Hindi mag-e-enroll sa susunod na term
   - May inaalagaang isang dependent na wala pang 6 na taong gulang
   - May inaalagaang isang dependent na wala pang 12 taong gulang at walang sapat na childcare
   - Single parent na nag-aalaga ng isang dependent na wala pang 12 taong gulang
   - Tumatanggap ng CalWORKs
   - Bahagi ng isang Lokal na Programa na Nagpapataas ng Pagkakataong Makapagtrabaho
   - 17 taong gulang pababa o 50 taong gulang pataas
   - Nakikilahok sa isang on-the-job training program

Para sa mas kumpletong listahan, basahin ang CalFresh Student Exemption Screening Form (CF 6177).

FAQ: Katapusan ng CalFresh Temporary Exemptions sa mga Mag-aaral

Binago: 2/23/2023

5. Ano ang dapat gawin ng mga mag-aaral kapag natapos na ang temporary student exemptions?

Ang mga mag-aaral na aprubado na sa CalFresh batay sa isa sa mga temporary student exemptions ay walang kailangang gawin upang magpatuloy ang mga benepisyo hanggang sa susunod na recertification simula Hulyo 1, 2023. Sa susunod na recertification, kailangan silang makakuha ng isang permanent student exemption na binanggit sa ika-4 na tanong sa itaas. Kung abot nila ang karagdagang criteria, maaaring kwalipikado pa rin sila sa CalFresh.

6. Ano ang maaasahan ng mga bagong aplikante sa CalFresh kapag natapos na ang mga temporary student exemptions?

Maaaring ipagpatuloy ng mga county ang dalawang temporary student exemptions sa mga bagong aplikante sa CalFresh hanggang Hunyo 9, 2023. Simula Hunyo 10, 2023, kailangang ipakita ng mga bagong aplikante na matutupad nila ang isa sa mga permanent student exemptions na nabanggit sa ika-4 na tanong sa itaas.

7. Saan ako makakahanap ng karagdagang mapagkukunan ng pagkain sa aking komunidad?

Makakakuha ng libreng pagkain mula sa iyong lokal food bank. May mga food bank sa buong California na namimigay ng libreng pagkain sa mga mamamayan ng kanilang komunidad. Para makipag-ugnayan sa isang food bank, bisitahin ang California Food Banks. Posibleng may Basic Needs Center ang inyong kolehiyo na maaring tumulong sa pag-ugnay sa iyong mga pangangailangan.